

**Guidebook sa Pagpasok sa Paaralang Elementarya
para sa mga Dayuhang Magulang
(Isinalin sa Wikang Filipino)**

**外国人保護者のための小学校入学ガイドブック
(タガログ語版)**



Gifu International Center
公益財団法人 岐阜県国際交流センター

Nilalalman

内 容

- ✚ **Hinggil sa Pagpasok sa Paaralang Elementarya**
小学校入学にむけて
- ✚ **Buhay-Paaralan (Mula Unang Araw Hanggang Isang Taon)**
学校生活(1日、1年の流れ)
- ✚ **Nilalaman ng Pag-aaral at Wikang Hapones**
教育内容と日本語
- ✚ **Mga Bagay na Dapat Ihanda Bago Magpasukan/Mga Bagay na Hindi Dapat Dalhin sa Paaralan**
入学前に準備する物 / 学校に持ってきてはいけない物
- ✚ **Papel ng mga Magulang**
保護者の役割
- ✚ **Kapaki-pakinabang na mga Impormasyon/ Mga Salitang Madalas Gamitin sa Paaralan**
お役立ち情報 / 学校でよく使う言葉

Ang mga batang dayuhan rin na naninirahan sa Japan na nagnanais pumasok sa pampublikong paaralan ng elementarya ay nakasisiguro na makapag-aaral ng libre tulad ng mga batang Hapon.

Iminumungkahi sa mga magulang na gawing reperensiya ang 『Guidebook sa Pagpasok sa Paaralang Elementarya』 sa paghahanda sa pagpasok ng mga anak at inaasahan namin na masalubong sa unang baitang ng elementarya ang mga magulang at anak ng may kumpiyansa.

日本で生活する外国籍の子どもも、公立の小学校への入学を希望する場合は、日本国籍の児童と同一の教育を無償で受ける機会が保障されています。

保護者の皆様は、この『小学校入学ガイドブック』を参考にお子様の入学準備を進め、親子ともに安心して小学1年生の時を迎えていただければ幸いです。



小学校入学にむけて

入学

4月2日以降の誕生日に7歳になる子どもが小学校に入学できます。

入学先は住所によって決められます。年度は4月から始まり、小学校は6年生まであります。

就学時健診・入学説明会

入学予定の約半年前（8～10月頃）には、役所から手紙が届きます。

健康診断と説明会の案内が同封されていますので、必ず出席しましょう。

小学校入学の手続き

住んでいる市町村の役所の教育委員会へいき、日本の学校への入学を希望する意思があることを伝えると、「入学申請書」を渡されますので、必要事項を記入して提出してください。申請は、いつでも受け付けています。

※住民票に登録があり、次の年に小学校へ入学する年齢の子どものいる保護者には、入学案内書が送られてきます。入学案内書がこない場合もあるので、子どもが6歳に近づいたら、早めに市町村の教育委員会へ問い合わせましょう。

学校にかかる費用

公立小学校の授業料と教科書代は無料です。

ただし、給食費や学用品、教材費、遠足などの費用は保護者が払います。

銀行口座からの引き落としの手続きが必要です。

費用の例	
授業料・教科書代	無料
給食費	月4,000円ぐらい（市町村による）
教材費	ドリルなどの費用が必要
校外学習や修学旅行	積立金が必要
その他	PTA会費など
入学前に必要な費用	ランドセル・上履き・サブバック・体操服・文房具など 約5万円～

就学援助

経済的理由により就学が困難であると認められた場合、費用の一部について援助を受けられる制度があります。

詳しくは、市町村の教育委員会にご相談ください。

特別支援教育

障がいのある子どものために、特別支援学校が設けられています。

また、小学校の特別支援学級や通級指導教室において教育が行われる場合もあります。

お子様にとってどの教育環境が最適か、市町村の教育委員会と保護者が相談して判断します。

詳しくは、市町村の教育委員会にご相談ください。

Hinggil sa Pagpasok Sa Paaralang Elementarya

Pagpasok sa Paaralang Elementarya

Ang mga batang magdiriwang ng kaarawan mula Abril 2 para sa ika-7 taon-gulang ay maaari nang pumasok sa paaralang elementarya.

Ang papasukang paaralan ng inyong anak ay nakabatay sa inyong lugar na tinitirhan. Magsisimula ang klase sa Abril at mayroong anim na taon ang pag-aaral sa elementarya.

Health Check-up at Pagpapaliwanag Hinggil sa Pagpasok sa Elementarya

Anim na buwan bago pumasok ang inyong anak sa elementarya (sa buwan ng Agosto hanggang Oktubre) ay may darating na sulat sa inyo galing sa munisipyo. Kasama sa sulat ang gabay para sa health check up at paliwanag hinggil sa pagpasok sa elementarya kaya't siguruhin na makakapunta.

Proseso sa Pagpasok sa Paaralang Elementarya

Pumunta sa Board of Education ng city hall sa inyong tinitirahang munisipalidad. Ipagbigay-alam ang pagnanais na maipasok sa paaralan dito sa Japan ang inyong anak upang mabigyan ng application form at sagutan o punan ito ng mga kinakailangang impormasyon at ipasa. Maaaring mag-aplay anumang oras na may pasok o bukas ang opisina ng Board of Education.

※May ipadadalang sulat para sa impormasyon ng pagpapa-enroll sa mga magulang na may mga anak na nasa edad ng pagpasok sa paaralan sa susunod na taon kung nakarehistro ang paninirahan. May mga pagkakataon rin na walang darating na sulat para sa impormasyon ng enrollment, kaya kung papalapit na sa edad na 6 na taon-gulang ang inyong anak ay maagang makipag-ugnayan sa Board of Education ng city hall sa inyong tinitirahang munisipalidad.

Mga Bayarin sa Paaralan

Libre ang matrikula at mga libro ng inyong anak na papasok sa pampublikong paaralan ng elementarya. Ngunit, kailangang bayaran ng mga magulang ang mga bayarin para sa pagkain, gamit sa pag-aaral, mga kailangang materyales at field trip ng inyong mga anak. Kukunin sa inyong mga bank account ang mga bayaring ito kaya kailangan na iproseso ito sa bangko.

Halimbawa ng mga Bayarin	
Matrikula at Libro	Libre
Pagkain	mga 4,000 yen bawat buwan (depende sa munisipalidad)
Mga Materyales	mga drill na gagamitin ng inyong mga anak
Field Trip	bayarin sa pondong ilalaan para sa field trip
Iba pa	PTA membership fee
Mga Gastusin sa Pagpasok sa Elementarya	randoseru (bag), indoor shoes o slipper, sub-bag, P.E. uniform, stationery o gamit-panulat at iba pa na nasa humigit-kumulang 50,000 yen

Scholarship

Kung napatunayan na nahihirapan sa pagpasok sa paaralan dahil sa pinansiyal na problema, mayroong sistema ng tulong sa pagbabayad sa isang bahagi ng bayarin na maaaring matanggap. Para sa mga detalye, komunsulta sa Board of Education ng inyong munisipalidad.

Espesyal na Tulong Pang-edukasyon

Itinatag ang "Special Needs School" para sa mga batang may kapansanan.

Sa elementarya ay may nakatalagang espesyal na klase para sa mga batang may kapansanan o di kaya para sa mga batang napag-iwanan sa kanilang mga klase. Pagkatapos ng maingat na konsultasyon ng magulang at Board of Education, pagdedesisyunan kung saang paaralan o klase ang makakapagbigay sa bata nang magandang kapaligaran sa kanyang pag-aaral.

Para sa mga detalye, komunsulta sa Board of Education ng inyong munisipalidad.

学校生活

小学校の1日及び1年間の流れや行事の主な例です。ただし、地域や学校により詳細は異なります。土日や国民の休日は、原則的に休みです。

1日の流れ

登校		一般的には居住地区ごとに集団登校します。
朝の会		組ごとに挨拶や出欠確認をし、様々な連絡を聞きます。
午前の授業		4時限あり、1時限は45分です。
給食		教室でみんな一緒に食べます。配膳や片付けもします。 ※アレルギーや宗教上の理由で食べられない食材がある場合は担任の先生に相談しましょう。
昼休み		校庭や図書室等で自由に過ごします。
掃除		教室や廊下、トイレなどを自分たちで掃除します。
午後の授業		時間割によって、1時限ある日もない日もあります。 ※2年生からは、午後に1時限授業があります。3年生以上になると、午後に2時限授業をする日が、徐々に増えます。
帰りの会		翌日の予定や宿題等の連絡を聞きます。
下校		学年ごとに集団で下校します。 ※週1回、全校で下校するという学校もあります。

放課後に子どもを預かってもらうには？

放課後に学校等で子どもを預かってもらう「留守家庭児童教室」という制度があります。市町村の福祉部により運営されていますので、詳しくは役所にお問い合わせください。










1年間の流れと主な行事

1学期 (4～7月)	入学式(4月)		1年生に入学する子どもをお祝いする行事です。1年生の保護者も参加します。
---------------	---------	-------------------------------------------------------------------------------------	--------------------------------------

Buhay-Paaralan

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng daloy mula sa unang araw hanggang 1taon at mga pangunahing ebento sa paaralang elementarya. Gayunpaman, maaari itong mabago depende sa inyong komunidad at paaralan. Karaniwan ng walang pasok sa araw ng Sabado, Linggo at national holiday.

Isang Araw na Iskedyul ng mga Bata

Pagpasok sa Paaralan		Sa bawat lugar ng inyong tinitirhan ay may nakatakdang grupo na sabay-sabay ang pagpasok ng mga bata sa paaralan.
Morning Ceremony		May nakatalagang grupo na mangunguna sa pagkuha ng attendance at pagbibigay ng impormasyon tungkol sa klase.
Klase sa Umaga		Nahahati sa apat na subjects ang klase sa umaga na kung saan ay may 45 minuto bawat klase.
Tanghalian		Lahat ay sabay-sabay na kakain sa classroom. Ang paghahanda at pagliligpit ng mga pagkain ay gagawin ng mga estudyante. * Para sa mga batang may allergy o di kaya ay may ipinagbabawal na pagkain dahil sa relihiyon o paniniwala, huwag mag-atubiling konsultahin ang teacher in-charge o adviser ng klase.
Afternoon Break		Sa libreng oras na ito, ang mga bata ay maaaring maglaro sa labas o di kaya pumunta sa silid-aklatan.
Paglilinis		Ang mga bata ay maglilinis sa classroom, pasilyo, toilet at iba pa.
Klase sa Hapon		Depende sa pagkakahati-hati sa oras ng klase, may mga pagkakataon na mayroon o walang klase sa hapon. * Karaniwan ay may isang oras na klase ang mga mag-aaral sa ikalawang baitang. Ang mga mag-aaral sa ikatlong baitang pataas ay may dalawang oras na klase at maaaring madadagdagan pa.
Closing Ceremony		Magbibigay ng impormasyon tungkol sa iskedyul sa susunod na araw, mga takdang-aralin at iba pa.
Uwian		Bawat baitang ay sabay-sabay na uuwi ang magkakagrupo. * May mga paaralan rin na sabay-sabay ang uwian ng lahat ng baitang 1 beses sa isang linggo.

Maaari bang manatili ang bata pagkatapos ng klase kapag wala pa sa bahay ang mga magulang?

Maaaring iwanan ang inyong anak sa `ruso katei jidou kyoushitsu` o isang classroom na kung saan sila mananatili habang wala pa ang kanilang magulang sa bahay. Ang Social Welfare Department ng munisipyo ang namamahala nito, para sa detalye ay makipag-ugnayan sa city hall.





Iskedyul sa Loob ng Isang Taon at mga Malalaking Aktibidad ng Paaralan









First Term (Mula Abril hanggang Hulyo)	School Opening Ceremony		Ito ay pagdiriwang sa pagpasok ng mga bata sa unang baitang ng elementarya. Ang mga magulang ng mga batang papasok sa unang baitang ay kasali sa seremonyang ito.
-------------------------------------------	-------------------------	-------------------------------------------------------------------------------------	-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

1学期 (4～7月)	健康診断	 子どもの身長、体重を測ったり、視力などを検査したりします。
	水泳(プール) ※6月～9月上旬まで	 体育の学習として、学校のプールで水泳の練習をします。プールのある日は、水着と水泳帽とタオルを持っていきます。
夏休み (7月終わり～8月終わり)	約40日間	 7月20日頃から8月31日まで、長い休みがあります。宿題が出ます。
2学期 (9～12月)	運動会 (6月に実施する学校もあり)	 全校児童が参加して、リレーや綱引きなどをします。保護者は子どもの応援をして1日楽しめます。
	音楽会・学芸会等	 劇をしたり、合唱を披露したりします。保護者は学校に見に行きます。
冬休み (12月終わり～1月初め)	約15日間	 12月24日頃から1月6日頃まで休みです。宿題があります。
3学期 (1～3月)		
春休み (3月終わり～4月はじめ)	約10日間	 3月25日頃から4月6日頃まで休みです。

・2期制の学校は、1学期2学期3学期ではなく、前期後期です。





その他の行事

校外学習	 学校の外で、体験活動や見学をしたりします。お弁当が必要な場合もあります。 ※5年生で野外学習、6年生で修学旅行と、宿泊を伴う学習があります。
授業参観	 保護者が学校に行き、授業の様子を見学します。
懇談会	 学校での学習状況や生活について、保護者と担任が情報交換をします。
家庭訪問	 担任が、子どもの家庭にお邪魔し、家庭での生活などについて情報交換し、学校での指導に役立ちます。

First Term (Mula Abril hanggang Hulyo)	Health Check Up		Titingnan ang taas, timbang, paningin o mata ng mga bata at iba pa
	Swimming (Pool) <small>※Mula Hunyo hanggang unang bahagi ni Setyembre</small>		Bilang bahagi ng physical education o PE, ang mga bata ay mag-eensayo ng paglangoy sa mga swimming pool sa loob ng paaralan. Kaya, kailangang maghanda at magpadala sa mga bata nang swimsuit, swimming cap at towel sa araw na mayroong schedule ng pool .
Summer Break (Mula katapusan ng Hulyo hanggang katapusan ng Agosto)	Magtatagal nang humigit-kumulang sa 40 araw		May mahabang pahinga sa paaralan na magsisimula sa ika-20 ng Hulyo hanggang ika-31 ng Agosto. Bibigyan ng takdang-aralin ang mga bata.
Second Term (Mula Setyembre hanggang Disyembre)	Palaro o Sports Day <small>(May mga paaralan na ginaganap ang mga palaro sa buwan ng Hunyo)</small>		Lahat ng mga bata ay sasali sa araw na ito na kung saan ay maglalaro nang marathon relay, tug of war at iba pa. Hinihikayat ang mga magulang na makisaya kasama ang inyong mga anak at suportahan sila sa araw na ito.
	Music Recital/ School Play at Iba pa		Magkakaroon ng presentasyon ng drama at sabayang pag-awit ang mga bata. Maaaring pumunta sa paaralan ang mga magulang para manood sa presentasyon ng inyong mga anak.
Winter Break <small>(Katapusan ng Disyembre Hanggang Unang Lingo ng Enero)</small>	Nagtatagal nang humigit-kumulang sa 15 araw		Karaniwang magsisimula ang winter break sa ika-24 na araw ng Disyembre hanggang ika-6 ng Enero. May ibibigay din na mga takdang-aralin.
3rd Term (Mula Enero hanggang Marso)			
Spring Break <small>(Magsisimula sa katapusan ng Marso hanggang unang bahagi ng Abril)</small>	Nagtatagal nang humigit-kumulang sa 10 araw		Karaniwang magsisimula ang winter break sa ika-25 na araw ng Marso hanggang ika-6 ng Abril.

- Para sa mga paaralan na may dalawang termino lamang, may panimula at panghuling termino lamang sa halip na una, pangalawa at pangatlong termino.

Mga Iba Pang Aktibidad

Aktibidad sa Labas ng Paaralan		May gagawing pag-aaral base sa aktuwal na pagsubok at obserbasyon sa labas ng paaralan. May pagkakataon na kailangan ng baon. <small>* Para sa mga mag-aaral sa ika-5 baitang, magkakaroon sila ng pag-aaral sa labas ng paaralan. Ang mga mag-aaral sa ika-6 na baitang ay magkakaroon ng field trip na kung saan ay matutulog ng ilang gabi sa tutuluyang akomodasyon bilang bahagi ng kanilang pag-aaral.</small>
Obserbasyon sa Klase ng mga Bata		Ang mga magulang ay pupunta sa paaralan para matingnan o ma-obserbahan ang klase ng mga bata.
Konsultasyon		Magpapalitan ng impormasyon ang magulang at adviser o teacher in-charge tungkol sa kalagayan ng pag-aaral at pamumuhay ng bata sa loob at labas ng paaralan.
Pagbisita sa Bahay		Pupunta ang adviser o teacher in-charge sa bahay na tinitirhan ng mga bata upang makipagpalitan ng impormasyon tungkol sa pamumuhay sa bahay para sa kapaki-pakinabang na pagtuturo sa paaralan.

教育内容と日本語

教育課程（カリキュラム）と教科

学校教育の内容は、国の学習指導要領に従って各学校が計画して指導します。

1年生では、国語、算数、生活、音楽、図画工作、体育の各教科を学びます。また、道徳、総合的な学習の時間、特別活動の時間もあります。授業は通常、日本語で行われます。

日本語の習得

日本語の理解が困難な子どものために、特別な日本語学習支援が行われる地域もあります。但し、全ての地域に当てはまるわけではありません。

日本の幼稚園や保育園に通ったことのない就学前のお子様は、もし地域にプレスクール等があれば、通うといいでしょう。詳しくは、教育委員会や地域の国際交流協会等にお尋ね下さい。

母語の維持

第一言語としての母語が確かに身につけている子どもは、日本語を覚えるのも速いと言われています。日本語の習得は確かに重要ですが、家庭では無理に日本語を使うよりも、母語の力を伸ばす働きかけをしましょう。親子で絵本を一緒に読むことなどをお薦めします。

入学前に準備する物

大型スーパーなどへ行って店員さんにこのページを見せ、購入を手伝ってもらおうと良いでしょう。学校生活に必要なものは入学説明会で必ず説明があり、その時に購入できるものもありますが、各自で準備する必要があるものもあります。分からない時は、学校や市町村教育委員会に聞いてみましょう。

重 要 全ての物に名前を書きます。可能であれば、ひらがなで書いてください。

<input type="checkbox"/> ランドセル  教科書やノートを入れるカバンです。毎日使います。	<input type="checkbox"/> 学習機のセット  子どもが自宅でも集中して勉強できるように購入する家庭が多いです。	<input type="checkbox"/> 通学用帽子  学校に行く時にかぶります。毎日使います。
---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

Nilalaman ng Pag-aaral at Wikang Hapones

School Curriculum at mga Aralin sa Loob ng Paaralang Hapon

Ang nilalaman ng edukasyon sa paaralan ay batay sa alituntunin ng curriculum ng bansa na sinusunod ng bawat paaralan sa plano ng pagtuturo. Sa mga nasa unang baitang ay pinag-aaralan ang mga subject na Aralin-Wika, Matematika, Pamumuhay, Musika, Sining at Palakasan. May mga nakatalagang oras din para sa pag-aaral tungkol sa Values Education, oras para sa extracurricular activities at may oras rin para sa pulong o pag-uusap tungkol sa mga problema at aktibidad na gagawin sa paaralan. Ang mga klase ay karaniwang ginagawa sa wikang Hapones.

Pag-aaral ng Wikang Hapones

May mga lugar na may nakatalagang programa nang pag-aaral ng wikang Hapones para sa mga batang nahihirapang umunawa o hindi makaintindi ng wikang Hapones. Subalit, hindi ito nangangahulugan na may ganitong programa sa lahat ng lugar dito sa bansang Hapon. Makabubuting maipasok ang mga bata sa pre-school kung hindi ito nakaranas mag-aral sa kindergarten o nursery school sa bansang Hapon. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa Board of Education o sa International Relations Association sa inyong lugar.




Pagpapanatili ng Kaalaman sa Sariling Wika

Mas madaling matuto nang wikang Hapones ang mga batang may kaalaman sa sarili nitong wika o `mother tongue`. Bagamat mahalaga na matuto ang mga bata ng wikang Hapones, mas mabuting mapanatili ang kakayahan ng bata sa pagsasalita sa sariling wika kaysa sa sapilitang paggamit ng wikang Hapon sa pamamahay. Inirerekomenda sa mga magulang ang pagbabasa ng "picture book" kasama ng mga anak.

Mga Bagay na Dapat Ihanda Bago Magpasukan

Maaaring pumunta sa mga malalaking supermarket at ipakita sa tindero/tindera ang kopya sa pahinang ito upang matulungan sa paghahanap ng mga gamit ng inyong mga anak. Tiyak na mayroong paliwanag sa "Pulong Para sa Pagpasok sa Paaralan" tungkol sa mga kailangang bagay na gagamitin sa paaralan, na kung saan ang ilan ay maaaring bilhin sa oras na iyon at mayroon din naman na kailangang ihanda ng personal. Para sa mga katanungan, sumangguni sa paaralan at Board of Education sa inyong munisipalidad.

Importante: Lahat ng gamit ay dapat sulatan ng pangalan. Kung maaari ay isulat sa hiragana ang pangalan ng bata.

<p><input type="checkbox"/>ランドセル (Randoseru)</p>  <p>Ito ay bag na lagayan ng notebook at libro. Gagamitin ito sa araw-araw.</p>	<p><input type="checkbox"/>学習机のセット (Gakushuu tsukue no setto)</p>  <p>Karamihan ng pamilya ay bumibili nito upang kahit sa bahay ay magkaroon ng konsentrasyon sa pag-aaral ang anak.</p>	<p><input type="checkbox"/>通学用帽子 (Tsuugakuyouboushi)</p>  <p>Ito ay sombrero na ginagamit sa pagpasok sa paaralan. Ginagamit ito sa araw-araw.</p>
--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

<input type="checkbox"/> 傘、レインコート  雨が降りそうな日には持っていきましょう。	<input type="checkbox"/> はんかち・ティッシュ  学校には共用のタオルやティッシュはありません。	<input type="checkbox"/> 手提げバック  学校で使う特別な道具を入れます。
<input type="checkbox"/> 上靴・上靴入れ  学校の中ではきません。	<input type="checkbox"/> 水筒  水やお茶を入れていきます。ジュースは入れないでください。	<input type="checkbox"/> はみがきセット（学校により異なります）  給食のあと、歯をみがきます。
<input type="checkbox"/> 給食ナプキン・給食袋  給食の時にテーブルに敷くものです。毎日洗いましょう。	<input type="checkbox"/> はし（学校により異なります）  給食で使います。毎日洗いましょう。	<input type="checkbox"/> ふでばこ  文房具を入れます。なるべくシンプルな物を選びましょう。
<input type="checkbox"/> 文房具  鉛筆（2B）・赤鉛筆・消しゴム・定規・鉛筆キャップ・なまえペンなど。	<input type="checkbox"/> 下じき  ノートに字を書く時に、ノートの下にはさんで使います。	<input type="checkbox"/> 体操服・赤白帽  体操服は学校指定のものが多くです。体育の授業の時に着ます。

学校に持ってきてはいけない物

日本の小学校では、持ってきてはいけないものがあるので、注意しましょう。

- ・スマートフォン、タブレット端末
- ・おもちゃ
- ・お菓子（ガム、あめなど）
- ・アクセサリ類
- ・お金

…休み時間や放課後に、お店に立ち寄って買い物をしてはいけません。



<input type="checkbox"/> 傘、レインコート Kasa, Raincoat  Ipadala ang payong o raincoat sa mga bata kapag masama ang panahon at parang uulan.	<input type="checkbox"/> はんかち・ティッシュ Hankachi/tissue  Walang tisyu o panyo na ginagamit ng lahat sa paaralan. Kaya, padalhan sila ng panyo o tissue.	<input type="checkbox"/> 手提げバック Tesage baggu  Ito ay bag na nilalagyan ng mga ekstra na gamit o materyales.
<input type="checkbox"/> 上靴・上靴入れ Uwagutsu/Uwagutsu ire  Ginagamit sa loob ng klasrum o paaralan.	<input type="checkbox"/> 水筒 Suito  Lalagyan ng tubig o ocha. Huwag lagyan ng juice o cola.	<input type="checkbox"/> はみがきセット(学校により異なります) Hamigaki setto (Iba depende sa paaralan.)  Pagkatapos kumain ay magsisipilyo ang mga bata.
<input type="checkbox"/> 給食ナプキン・給食袋 Kyuushoku napkin/Kyuushoku bukuro  Ito ay pansapin sa oras ng pagkain ng tanghalian ng mga bata. Nilalabhan ito araw-araw.	<input type="checkbox"/> はし(学校により異なります) Hashi o chopstick (Iba depende sa paaralan.)  Laging ginagamit ito sa pagkain. Hinuhugasan ito araw-araw.	<input type="checkbox"/> ふでばこ Fudebako o pencil case  Dito nilalagay ang mga panulat na gagamitin sa pag-aaral. Makabubuting simple ang piliin na pencil case.
<input type="checkbox"/> 文房具 Bunbogu  Lapis (2B), Pulang lapis, pambura, ruler, pencil cap at panulat nang pangalan.	<input type="checkbox"/> 下じき Shitajiki  Nilalagay ito sa ilalim ng papel ng notebook na susulatan.	<input type="checkbox"/> 体操服・赤白帽 Taisofuku/Aka-shiro boshi May iba't ibang P.E. uniform na nakatalaga sa bawat paaralan. Sinusuot ito sa oras ng klase ng P.E. 

Mga Bagay na Hindi Dapat Dalhin sa Paaralan

Sa paaralang elementarya sa bansang Hapon ay may mga bagay na hindi dapat dalhin ang mga bata. Ang mga ilan dito ay ang mga sumusunod:

- Smartphone at tablet
- Mga laruan
- Kendi, gums at iba pa
- Mga alahas at iba pa
- Pera

...Hindi rin maaaring pumunta at bumili ang mga bata sa mga tindahan sa panahon ng pahinga o `break time` o di kaya ay pagkatapos ng klase.



保護者の役割

生活リズムを整える

子どもが早寝早起きができるようにしましょう。また、着替えや片付け、持ち物の用意等が自分でできるよう家庭でサポートしましょう。

家庭での学習

入学後は、ほとんど毎日宿題が出ます。家でも勉強する習慣づけが大切です。保護者も、宿題が終わっているか確認しましょう。

学校からの連絡の確認

学校からの連絡は、「連絡帳」がメインとなります。このノートは学校と保護者をつなぐ大切なものです。担任に聞きたいことがある場合も、このノートを利用してください。連絡帳以外にも、大切なお便りを子どもを通して渡すことがありますので、常に確認するようにしてください。

※お便りなど読めない場合は、あらかじめ学校へ伝えておきましょう。

休む日、遅刻する日には小学校へ連絡しましょう

かんたんな日本語で伝えられるので、小学校を休む、遅刻する日には、必ず学校に連絡しましょう。連絡がないと先生たちが心配します。

(例)

➤ 欠席の連絡

(例) ○ねん○くみ、○○○○です。 ○○○○ので、やすみます。
(こどものクラスとなまえ) (理由：たいちょうがわるい)

➤ 遅刻の連絡

(例) ○ねん○くみ、○○○○です。 ○○○○ので、ちこくします。
(こどものクラスとなまえ) (理由：たいちょうがわるい)

行事に参加しましょう

運動会や授業参観など保護者が関わる行事には、できるかぎり参加しましょう。他の親が来ているのに、自分の親が来ていないと、子どもがかたしい思いをするかもしれません。



PTA 活動について

PTA (Parent-Teacher Association) では、学校の運営について保護者と教師が相談したり、登下校時の安全について活動したりします。先生や子どもの友達の保護者と交流をもつことができますので、できるかぎり参加しましょう。

Papel ng mga Magulang

Paghahanda sa Maayos na Ritmo ng Pamumuhay nga mga Bata

Sanayin ang mga bata na matulog nang maaga at gumising nang umaga. Suportahan ang mga bata na gawin sa sarili ang pagbibihis, pagliligpit at paghahanda ng mga gamit.

Pag-aaral sa Loob ng Bahay

Pagkatapos ng enrollment, halos araw-araw ay may ibinigay na mga takdang-aralin o assignment. Mahalaga rin na masanay ang mga bata na mag-aral sa bahay. Mahalagang tingnan din ng mga magulang kung natapos ng mga bata ang kanilang mga takdang-aralin o assignment.

Pagkumpirma sa mga Mensahe mula sa Paaralan

Ang pangunahing paraan ng komunikasyon mula sa paaralan ay ang `renrakucho`. Ang notebook na ito ay mahalaga para sa mga magulang at guro. Kung mayroon kailangang itanong sa guro, gamitin ang notebook na ito. Maliban sa `renrakucho`, may ibinigay din sa inyong mga anak na `odayori` o isang lathala ng mga aktibidad ng paaralan. Gawing regular ang pag-check sa mga ito.

※ipagbigay alam nang maaga sa paaralan kung hindi nababasa ang mga nakasulat sa `odayori`.

Ipagbigay-alam sa Paaralan kung Liliban o Mahuhuli sa Klase ang inyong Anak

Huwag kalimutang ipagbigay alam sa paaralan kung liliban o mahuhuli sa klase ang inyong anak kahit na sa pamamagitan nang simpleng salitang Hapones. Kapag walang habilin o di kaya komunikasyon mula sa mga magulang, mag-aalala ang mga gurong-tagapangasiwa.

(Halimbawa)

- Komunikasyong Tungkol sa Pagliban ng Bata

(Halimbawa) ^{nen}ねん(Grade) ^{kumi}くみ (Section) 、(Pangalan ng Bata)^{desu}です。○○○○^{node yasumimasu}ので、やすみます。
(Klase at Pangalan ng Bata)

(Dahilan ng Pagliban: ^{taichougawarui}たいちょうがわるい/Masama ang pakiramdam)

- Komunikasyon Kapag Mahuhuli sa Klase ang Bata

(Halimbawa) ^{nen}ねん(Grade) ^{kumi}くみ (Section) 、(Pangalan ng Bata)^{desu}です。○○○○^{node chikokushimasu}ので、ちこくします。
(Klase at Pangalan ng Bata)

(Dahilan ng Pagkahuli sa Klase: ^{taichougawarui}たいちょうがわるい/Masama ang pakiramdam)

Sumali sa mga Aktibidad ng Paaralan

Hinihikayat na sumali at makilahok ang mga magulang sa mga aktibidad ng paaralan tulad ng palaro at pag-observerba sa klase ng mga bata. Maaaring malungkot ang inyong mga anak kung hindi kayo nakapunta sa mga aktibidad nila habang ang ibang mga magulang ay naroroon para sa kanilang mga anak.



Tungkol sa mga Aktibidad ng PTA

Dahil sa PTA (Parent-Teacher Association) ay naisasagawa ang konsultasyon o pag-uusap ng mga magulang at guro may kinalaman sa proyekto sa paaralan, mayroon rin aktibidad para sa kaligtasan sa oras ng pagpasok at pag-uwi ng mga anak. Maaari rin na makahalubilo ang mga guro at mga magulang ng mga kaibigan ng inyong anak kaya't hanggat maaari ay makilahok tayo.

お役立ち情報

困ったこと、分からないことがあったら、学校の先生や各市町村の教育委員会、(公財)岐阜県国際交流センターまで相談してみましよう。

文部科学省
外国人生徒のための就学ガイドブック
http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/1320860.htm

文科省トップページ >
教育 > 国際教育 >
CLARINET へようこそ >
帰国・外国人児童生徒教育情報 >
外国人児童生徒のための就学ガイドブック



(一財)自治体国際化協会
多言語生活情報
<http://www.clair.or.jp/tagengo/>

「医療」「教育」「緊急・災害時」などの生活情報を17項目にわたり15言語で説明しています。



「多言語 生活」で検索！



各言語で
詳しい就学案内が
確認できます



外国人の方々が日本
で生活するための情報
を提供しています。

(公財)岐阜県国際交流センター(英語、中国語、ポルトガル語、タガログ語)

<http://www.gic.or.jp/>

外国人住民のための相談対応を多言語にて行っています。また、県や市役所、学校等の公的機関に問い合わせをしたい場合、電話での通訳サポート(トリオフオン)が利用できます。

※通訳料金は無料(但し、通話料は相談者負担)。

お困りの際は、センターまでお気軽にご連絡ください。




英語、ポルトガル語、中国語、タガログ語

月曜日～金曜日 9:00～17:00

※タガログ語のみ 9:30～16:30

相談対応 TEL:058-214-7700

行政通訳サービス TEL:058-263-8066



3人同時に通話ができます(トリオフオン)

Kapaki-pakinabang na mga Impormasyon

Para sa mga problema at katanungan, huwag mag-atubiling sumangguni sa guro sa paaralan at Board of Education ng inyong munisipalidad, gayundin sa Gifu International Center.

✚ Ministry of Education, Culture, Sports and Science & Technology (MEXT)

Guidebook sa Pagpasok sa Paaralan para sa mga Dayuhang Mag-aaral

<http://www.mext.go.jp/en/policy/education/elsec/title02/detail02/1373857.htm>

MEXT Top Page>

Go to English Page>

Policy >

Education >

Elementary and Secondary Education>

Guide for Foreign Students To Start School



Maaaring tingnan ang gabay sa pagpasok sa paaralan sa iba't ibang wika.

✚ Council of Local Authorities for International Relations

Multilingual Living Information

<http://www.clair.or.jp/tagengo/>

Mayroong 17 na impormasyon may kinalaman sa pamumuhay tulad ng medikal, edukasyon, sa oras ng emerhensiya o sakuna at iba pa na ipinaliliwanag sa 15 lengguwahe.



Tagengo Seikatsu
I-search 「多言語生活」!



Nagbibigay para sa mga dayuhan ng mga impormasyon tungkol sa pamumuhay sa Japan.

✚ Gifu International Center (English, Chinese, Portuguese, Filipino)

<http://www.gic.or.jp/tl/>

Ang mga konsultasyon para sa mga dayuhan ay ginagawa sa ibat-ibang wika. Maliban dito, mayroon ding tagapagsalin sa sarili ninyong wika (trio-phone) kung sakaling gusto nyong komunsulta sa pamamagitan ng telepono sa mga ahensya ng gobyerno tulad ng opisina sa probinsya, syudad o munisipyo, paaralan at mga pampublikong kagawaran.

※Walang bayad sa pagsasalin o interpretasyon.

Ang babayaran lamang ay ang bayad sa gagamitin nyong telepono.

Kung may problema, huwag mag-atubiling pumunta sa Center na ito.



English, Portuguese, Chinese, Filipino

Lunes~Biyernes alas 9:00 ng umaga~alás 5 ng hapon

※Para sa wikang Filipino lamang.


alás 9:30 ng umaga~alás 4:30 ng hapon

Para sa mga Konsultasyon

TEL:058-2144-7700

Interpretasyon para sa Administratibong Serbisyo

TEL:058-263-8066



Maaaring mag-usap ang 3 tao sa pamamagitan ng sistema na ito. (Trio-phone)

**岐阜県内の外国語で対応する
相談窓口一覧**

[http://www.gic.or.jp/foreigner/
foreignlang/](http://www.gic.or.jp/foreigner/foreignlang/)

GIC トップページ >
外国人のみなさんへ >
外国語で対応する相談窓口



岐阜県内の日本語教室・講座一覧

[http://www.gic.or.jp/foreigner/
japanese/](http://www.gic.or.jp/foreigner/japanese/)

GIC トップページ >
外国人のみなさんへ >
にほんご学習（日本語教室・講座）



学校でよく使う言葉

漢 字	ひらがな
学 校	がっこう
小学校	しょうがっこう
名 前	なまえ
教 室	きょうしつ
子ども	こども
保護者	ほごしゃ
休 み	やすみ
今 日	きょう
明 日	あした
授 業	じゅぎょう
宿 題	しゅくだい
給 食	きゅうしょく

漢 字	ひらがな
入学式	にゅうがくしき
参観日	さんかんび
懇談会	こんだんかい
P T A	ぴーていーえー
家庭訪問	かていほうもん
国 語	こくご
算 数	さんすう
生 活	せいかつ
音 楽	おんがく
図 工	ずこう
体 育	たいいく
連絡帳	れんらくちょう

MEMO

Talaan ng Tanggapan sa Gifu Ken na Tumutugon sa Wikang Banyaga

<http://www.gic.or.jp/tl/foreigner/foreignlang/>

GIC Top Page >
 Tagalog>
 Para sa Lahat ng Dayuhan >
 Tanggapan ng Konsultasyon na Tumutugon sa Wikang Banyaga



Talaan ng mga Klase at Kurso ng Wikang Hapon sa Gifu Ken

<http://www.gic.or.jp/tl/foreigner/japanese/>

GIC Top Page >
 Tagalog>
 Para sa Lahat ng Dayuhan >
 Pag-aaral ng Wikang Hapon (Silid- Aralan ng Wikang Hapon)



Mga Karaniwang na Ginagamit na Salita sa Paaralan

Kanji	Hiragana	Alphabet	Kahulugan
学 校	がっこう	Gakko	paaralan
小学校	しょうがっこう	Shogakko	elementarya
名 前	なまえ	Namae	pangalan
教 室	きょうしつ	Kyoushitsu	classroom
子ども	こども	Kodomo	bata
保護者	ほごしゃ	Hogosha	magulang o guardian
休 み	やすみ	Yasumi	bakasyon
今 日	きょう	Kyo	ngayong araw
明 日	あした	Ashita	bukas
授 業	じゅぎょう	Jugyo	klase
宿 題	しゅくだい	Shukudai	assignment o takdang-aralin
給 食	きゅうしょく	Kyushoku	school lunch

Kanji	Hiragana	Alphabet	Kahulugan
入学式	にゅうがくしき	Nyugakushiki	opening ceremony
参観日	さんかんび	Sankanbi	obserbasyon sa klase
懇談会	こんだんかい	Kondankai	konsultasyon
P T A	ぴーていーえー	PTA	PTA
家庭訪問	かていほうもん	Kateihomon	pagbisita sa bahay
国 語	こくご	Kokugo	Aralin-wika
算 数	さんすう	Sansu	Matematika
生 活	せいかつ	Seikatsu	Pamumuhay
音 楽	おんがく	Ongaku	Musika
図 工	ずこう	Zuko	Sining
体 育	たいいく	Taiiku	Physical Education/P.E.
連絡帳	れんらくちょう	Renrakucho	kuwaderno ng komunikasyon

MEMO

MEMO

**「Guidebook sa Pagpasok sa Paaralang Elementarya」
Para sa mga Dayuhang Magulang**

Inilathala ng Enero, 2017

Naglathala: Gifu International Center

〒500-8875 Gifu Ken Gifu-shi Yanagase-doori 1-12 Gifu Chunichi Bldg. 2nd Flr.

TEL: 058-214-7700 E-mail: gic@gic.or.jp

Nagplano/Pumatnugot: KANI MISSION (Non-profit Organization)

外国人保護者のための『小学校入学ガイドブック』

2017年1月発行

発行 公益財団法人 岐阜県国際交流センター

〒500-8875 岐阜県岐阜市柳ヶ瀬通 1-12 岐阜中日ビル 2

TEL: 058-214-7700 E-mail: gic@gic.or.jp

企画・編集 特定非営利活動法人 可児ミッション



※ Ang guidebook na ito ay nailathala sa pamamagitan ng natanggap na tulong mula sa Council of Local Authorities for International Relations (CLAIR).
※このガイドブックは、(一財)自治体国際化協会の助成を受けて作成しました。